

11 Oktubre, 2026 — Ika-Dalawamput Walong
Linggo sa Karaniwang Panahon (Siklo A)
Is 25:6–10a; Fil 4:12–14, 19–20; Mt 22:1–14 (o 22:1–10)

PANIMULA

May mga sandali sa buhay na nararamdaman ng mga tao na ang pinakamagagandang araw ay lumipas na. Ang pagtanda, karamdaman, mga pagkabigo, kabiguan, kalungkutan, o pagdadalamhati ay tahimik na maaaring magpaniwala sa atin na ang buhay ay lalong sumisikip at kumukupas. Ngunit ang mga pagbasa ngayon ay nagpapahayag ng eksaktong kabaligtaran: sa piling ng Diyos, ang hinaharap ay hindi kailanman walang laman. Ang bundok ay wala sa likuran natin; nasa unahan pa natin ito.

Ibinibigay sa atin ng propetang si Isaias ang isang kahanga-hangang pangitain ng Diyos na naghahanda ng isang handaan para sa lahat ng bayan—isang piging ng kagalakan, pakikipag-isa, at buhay na walang hanggan. Ipinagpapatuloy ni Hesus sa Ebanghelyo ang gayunding

larawan, na inihahambing ang Kaharian ng Langit sa isang handaan ng kasal kung saan ang lahat ay inaanyayahan. Ang nais ng Diyos ay hindi ang pagbubukod kundi ang pagdiriwang, hindi ang kawalan ng pag-asa kundi ang pakikipag-isa.

Gayunman, binabalaan din tayo ng Ebanghelyo na marami ang nalilibang at hindi nakasasagot sa paanyaya ng Diyos. Ang mga hanapbuhay, alalahanin, ari-arian, gawain araw-araw, at walang katapusang paglilibang ay maaaring unti-unting umuukupa sa ating puso hanggang sa makalimutan natin ang mas malalim na layunin ng buhay: ang pakikipag-isa sa Diyos at sa isa't isa.

Ngayon, muli tayong tinitipon ng Panginoon sa kanyang hapag. Ngunit bago tayo lumapit sa Piging na ito ng Eukaristiya, kilalanin muna natin ang mga pagkakataong binalewala natin ang kanyang paanyaya, nilabanan ang kanyang biyaya, o nabigong magsuot ng damit ng pagmamahal, awa, at habag.

HOMILIYA:

Minsan ay dinalaw ng isang lalaki ang isang matandang babae na masyado nang mahina upang makapunta sa simbahan. Habang nag-uusap sila, bumuntong-hininga siya at sinabi, “Kapag lumampas ka na sa isang tiyak na edad, mapagtatanto mong nasa likuran mo na ang bundok. Pababa na lamang ang buhay ngayon.” Pagkatapos ay binuksan niya ang isang lumang album ng mga larawan at ipinakita ang mga litrato mula sa pagdiriwang ng kanyang ikalimampung kaarawan. Sandaling kuminang ang kanyang mga mata nang maalala niya ang tawanan, ang sayawan, ang siksikang mga mesa, ang kagalakan ng napapaligiran ng pamilya at mga kaibigan. Ngunit nawala rin ang kislap. “Ngayon,” mahina niyang sabi, “ano pa ang maaasahan natin sa buhay?”

Ang tanong na iyon ay tumatagos sa napakalalim na bahagi ng ating lahat. Bata man o matanda, malusog man o may sakit, matagumpay man o nagpupumilit, may mga sandaling napapaisip tayo: Ano pa ba ang naghihintay sa akin? Mayroon pa nga bang higit pa rito?

Buong-lakas na sumasagot ng oo ang mga pagbasa ngayon. Ayon sa propetang si Isaias, ang bundok ay wala sa likuran natin—nasa harap pa natin ito. Sa bundok na iyon, ang Diyos mismo ay naghahanda ng isang piging para sa lahat ng bayan: “isang handaan ng masasarap na pagkain at piling alak.” Hindi ito basta pagkain lamang. Ito ay larawan ng kapunuan, kagalakan, pakikipag-isa, at buhay na walang hanggan. Hindi libing ang inihahanda ng Diyos para sa sangkatauhan. Handaan ng kasal ang inihahanda niya.

Ang larawang ito ng handaan ay dumadaloy sa lahat ng pagbasa ngayon. Sinasabi ng Salmo Dalawamput Tatlo - na naghahanda ang Panginoon ng hapag para sa atin. Inihahambing ni Hesus sa Ebanghelyo ang Kaharian ng Langit sa isang haring naghanda ng kasalan para sa kanyang anak. Paulit-ulit na sinasabi sa atin ng Kasulatan: ang ating huling hantungan ay hindi kawalan, kundi pakikipag-isa; hindi pag-iisa, kundi pagdiriwang; hindi kawalan ng pag-asa, kundi kagalakan.

Kapag nagtitipon ang mga pamilya upang ihanda ang Misa para sa yumao nilang mahal sa buhay, madalas nilang piliin ang pagbasang ito mula kay Isaias sapagkat direktang nagsasalita ito sa pagdadalamhati. Sinasabi nitong hindi ang kamatayan ang may huling salita. “Lilipulin niya ang kamatayan magpakailanman. Papahirin ng Panginoong Diyos ang mga luha sa bawat mukha.” Napakatamis na larawan nito—ang Diyos mismo na nagpapahid ng luha, gaya ng isang mapagmahal na magulang na umaaliw sa kanyang anak.

Gayunman, maraming tao ang namumuhay na tila hindi mahalaga ang paanyaya sa piging ng Diyos. Sa talinghaga ni Hesus, nagpadala ang hari ng mga paanyaya, ngunit abala ang mga panauhin. Ang isa ay pumunta sa kanyang bukid. Ang isa naman ay sa kanyang negosyo. Ang iba ay basta na lamang hindi pinansin ang paanyaya.

Ang trahedya ay hindi dahil masama ang mga taong ito. Hindi masama ang kanilang mga bukid at negosyo. Ang trahedya ay naging mas mahalaga ang mas mababang

bagay kaysa sa pinakadakilang bagay. Naging abala sila sa paghahanap-buhay kaya nalimutan nilang mabuhay.

Ito pa rin ang panganib sa ating panahon.

Pinupuno natin ang ating mga kalendaryo, hinahabol ang tagumpay, pinamamahalaan ang pananalapi, binubuo ang ating mga karera, walang tigil na nanonood sa mga paglilibang, at kung minsan ay nalilimutan ang mas malalim na paanyayang iniaalok ng Diyos sa atin araw-araw: “Halina sa piging. Makipag-isa ka sa akin. Halina sa kagalakan.”

Minsan ay inilarawan ng isang pari ang isang lumang kaugalian sa kanayunan ng Alemanya. Bago ang isang kasal, isang sugo na tinatawag na “tagapag-anyaya” ay nangangabayo mula sa bukid patungo sa bukid upang personal na anyayahan ang mga tao sa pagdiriwang. Nakasuot ng makukulay na laso at palamuti, masaya niyang ipinahahayag, “Handa na ang lahat. Halina sa handaan ng kasal!”

Iyan mismo ang ginagawa ni Hesus sa Ebanghelyo. Siya ang sugo ng Diyos, na nag-aanyaya sa sangkatauhan sa piging ng buhay na makadiyos. At hindi tulad ng mga paanyayang makalupa, ang paanyayang ito ay hindi lamang para sa mga kagalang-galang o matagumpay. Nang tumanggi ang mga unang inanyayahan, sinabi ng hari: “Pumunta kayo sa mga lansangan at mga daan. Anyayahan ninyo ang sinumang makita ninyo.”

Ang Kaharian ay puno ng mga hindi inaasahang tao—mga makasalanan, mga maniningil ng buwis, mga sugatan, mga nalimutan, mga dukha sa espiritu, mga nakababatid ng kanilang pangangailangan sa awa. Kung minsan, ang mga tila pinakamalapit sa relihiyon ang mismong tumatanggi sa kagalakan, samantalang ang mga nasa laylayan ay pumapasok sa piging nang may pasasalamat at pagkamangha.

Paulit-ulit natin itong nakikita sa Ebanghelyo. Lagi niyang tinitipon sa kanyang paligid ang mga karaniwan at wasak na taong nagugutom sa buhay.

Si San Pablo sa ikalawang pagbasa ngayon ay isa sa kanila. Nagsusulat siya mula sa bilangguan, hindi tiyak kung mabubuhay siya o mamamatay. Gayunman, ang kanyang liham ay nagniningning sa kalayaan at kagalakan. May sinasabi siyang kamangha-mangha: “Alam ko kung ano ang magkaroon ng sagana, at alam ko kung ano ang magkukulang... Magagawa ko ang lahat sa tulong ni Kristo nagpapalakas sa akin.”

May natuklasan si Pablo na hindi natututuhan ng marami: ang pinakamalalim na katiyakan sa buhay ay hindi nagmumula sa mga ari-arian, kalusugan, o kalagayan. Nagmumula ito sa pagkakaugat kay Kristo.

Sinabi ng isang babae na ang paborito niyang talata sa Kasulatan ay mismong ang linyang ito ni San Pablo: “Magagawa ko ang lahat sa Kanya na nagpapalakas sa akin.” Inuulit niya ito sa mga panahon ng pakikibaka at paghihirap. Binigyan siya nito ng tapang sapagkat naniniwala siyang si Kristo ay hindi lamang isang katauhan mula sa nakaraan, kundi isang buhay na presensyang sumasama sa kanya.

Kakaunti ang pag-aari ni Pablo ayon sa pamantayan ng mundo nang isulat niya ang liham sa mga taga-Filipos. Nakaupo siya sa isang selda ng bilangguan. Gayunman, sa kalooban ay mas malaya siya kaysa sa maraming mayayaman. Nakakayanan niya ang karukhaan nang walang pagkawalang-pag-asa at ang kasaganaan nang hindi nagiging nakakapit dito, sapagkat ang kanyang puso ay kay Kristo.

Labis na kailangan ngayon ang kalayaang iyon. Madalas ituro ng ating kultura na ang ating halaga ay nakasalalay sa ating pag-aari. “Kung may pag-aari ka, ikaw ay may kabuluhan.” Ngunit ipinaaalala ni Pablo na ang ating dangal ay hindi nagmumula sa kung ano ang ating pag-aari kundi sa kung kanino tayo nabibilang.

May isa pang magandang detalye sa Ebanghelyo ngayon. Isang panauhin ang dumating na walang damit-pangkasal. Ang damit-pangkasal ay sumasagisag sa buhay na binago ng biyaya. Malayang inaanyayahan ng Diyos ang lahat, ngunit ang kanyang paanyaya ay nilalayong magpabago sa atin. Tinatawag tayo hindi lamang upang dumalo sa

piging kundi upang maging mga taong may pagmamahal, awa, habag, at pagkabukas-palad.

Sa binyag, binihisan tayo ni Kristo. Araw-araw, hinihiling sa atin na muling “isuot” ang damit na iyon—sa pamamagitan ng pagpapatawad, paglilingkod, paghihikayat, pagtanggap, at pagmamahal.

Ang masayang Kristiyanismo ay hindi kailanman makasarili. Ang mga tunay na nakaranas ng pagtanggap ng Diyos ay nagsisimulang ibahagi ito sa iba.

May isang nakagugulat na kuwento mula sa mapaminsalang mga baha sa Europa ilang taon na ang nakararaan. Isang reporter ang nag-interbyu sa isang lalaking nakatayo sa harap ng kanyang nawasak na tahanan. Nawala ang kanyang negosyo. Nawala ang kanyang mga ari-arian. Halos lahat ay tinangay na ng tubig. Gayunman, mahinahong sinabi ng lalaki, “Wala na tayong natira... ngunit gusto kong makita kung paano tayo gagabayan ng Diyos sa pagsubok na ito.”

Iyan ang pananampalataya. Hindi pagtangga sa pagdurusa. Hindi pagkukunwaring madali ang lahat. Kundi pagtitiwalang kahit sa pagkawala, nananatiling tapat ang Diyos.

Ang Eukaristiyang ipinagdiriwang natin ngayon ay isa nang paunang lasa ng makalangit na piging na inilalarawan ni Isaias. Dito, tinitipon tayo ng Panginoon sa kanyang hapag. Dito, pinakakain niya tayo hindi lamang ng tinapay at alak kundi ng kanyang sariling buhay. Dito, pinalalakas niya ang mga pagód, inaaliw ang mga nagdadalamhati, pinatatawad ang mga makasalanan, at ipinaaalala sa atin na hindi pa tapos ang kuwento. Kung minsan, sinasabi ng mga tao, “Maaari akong magdasal nang mag-isa. Maaari akong manood ng Misa telebisyon or sa aking selpon.” Siyempre, mahalaga ang panalangin saanman. Ngunit may kakaiba sa personal na pakikipagtagpo kay Kristo sa Eukaristiya. Hindi pareho ang panonood ng piging mula sa malayo at ang pag-upo sa hapag. Isang matandang naghihingalo ang palaging tumatanggap ng Banal na Komunyon sa kanyang tahanan. Labis siyang nagdusa,

ngunit sa bawat pagdadala sa kanya ng Eukaristiya, nagliliwanag ang kanyang mukha sa kapayapaan. Ilang sandali bago mag-Pasko, sinabi niya sa pari, “Ngayong Pasko, iuuwi na ako ni Hesus.” Hindi siya nagsalita nang may takot, kundi may pag-asa. Nagsisimula na para sa kanya ang piging. At kaya ngayon, muling ipinadadala ng Panginoon ang kanyang paanyaya. Hindi lamang sa mga perpekto, kundi sa ating lahat—mga pagód, nalilibang, sugatan, at naghahanap. Nananatili ang paanyaya: “Handa na ang lahat. Halina sa handaan ng kasal.”

Tapusin ko sa isa pang kuwento. Minsan ay tinanong ng isang guro ang isang grupo ng mga bata kung ano sa tingin nila ang langit. Sumagot ang isang bata, “Sa palagay ko, ang langit ay parang pag-uwi pagkatapos ng napakahabang paglalakbay at matutuklasang may naghihintay pala sa iyo sa buong panahon.”

Iyan mismo ang ipinahahayag ng mga pagbasa ngayon. Sa katapusan ng lahat ng ating paglalagalog, pakikibaka, takot, at luha, matutuklasan natin hindi ang isang galit na hukom na sabik humatol sa atin, kundi isang mapagmahal

na Amang naghihintay na salubungin tayo pauwi sa piging
na hindi nagwawakas.

At pagdating ng araw na iyon, sa wakas ay mauunawaan
natin: ang bundok ay hindi kailanman nasa likuran natin.
Ang pinakamaganda ay laging nasa unahan pa. Amen.

Translated by William Valdez, Jr. Perth, Australia